Velociraptor

Mula sa Wikipediang Tagalog, ang malayang ensiklopedya

Ang ***Velociraptor*** (/vɪˈlɒsɪræptər/; na nangangahulugang 'mabilis na tagasunggab')[1] ay isang henus na dromaeosaurid na Theropodang dinosauro na umiral ng tinatayang 75 hanggang 71 milyong taon ang nakalilipas sa kalaunang bahagi ng Panahong Kretaseyoso.[2] Ang dalawang espesye nito ay kasalukuyang kinikilala bagaman ang iba pa ay maaaring itinakda sa nakaraan. Ang uring espesye ang *V. mongoliensis* na ang fossil ng espesyeng ito ay natuklasan sa Mongolia. Ang ikalawang espesye ang *V. osmolskae* na pinangalanan noong 2008 para sa materyal na bungo mula sa Loob na Mongolia, Tsina. Ito ay mas maliit sa ibang mga dromaeosaurid tulad ng *Deinonychus* at *Achillobator*. Gayunpaman, ang *Velociraptor* ay nakikisalo ng marami sa mga parehong katangiang anatomiko sa mga ito. Ito ay isang bipedal na may balahibong karnibora na may isang mahaba at tumigas na buntot at isang hugis karet na kuko sa bawat likurang paa na inakalang ginagamit sa pagpatay ng mga sinisila nito. Ang *Velociraptor* ay itinatangi mula sa ibang mga dromaeosaurids sa mahaba at mababang bungo nito na may binaliktad na nguso. Ang*Velociraptor* (na karaniwang pinaikling 'raptor') ang isa sa mga henera ng dinosauro na pinaka pamilyar sa publiko dahil sa mga seryeng pelikulang Jurassic Park. Ang mga pelikulang ito ay nagpakita ng mga pagiging hindi tumpak sa anatomiya nito kabilang ang pagiging labis na malaki kesa sa realidad at walang mga balahibo. Ito ay mahusay na alam rin sa mga paleontologo na may higit sa isang dosenong inilarawang mga kalansay na fossil na pinakamarami sa anumang dromaeosaurid.

Velociraptor

Temporal na saklaw: Huling Kretaseyoso, 75–71 Ma

PreЄ Є O S D C P T J K PgN

Mounted cast at Wyoming Dinosaur Center

Klasipikasyong pang-agham

Kingdom:	Animalia
Phylum:	Chordata
Clade:	Dinosauria
Order:	Saurischia
Suborder:	Theropoda
Family:	†Dromaeosauridae
Subfamily:	†Velociraptorinae
Genus:	†***Velociraptor*** Osborn, 1924

Type species

Velociraptor mongoliensis
Osborn, 1924

Species

Padron:Bold species list

Mga sanggunian

1. Osborn, Henry F. (1924a). "Three new Theropoda, *Protoceratops* zone, central Mongolia". *American Museum Novitates*. **144**: 1–12. Padron:Hdl.
2. Godefroit, Pascal; Currie, Philip J.; Li, Hong; Shang, Chang Yong; Dong, Zhi-ming (2008). "A new species of *Velociraptor* (Dinosauria: Dromaeosauridae) from the Upper Cretaceous of northern China". *Journal of Vertebrate Paleontology*. **28** (2): 432–438. doi:10.1671/0272-4634(2008)28[432:ANSOVD]2.0.CO;2 (https://doi.org/10.1671%2F0272-4634%282008%2928%5B432%3AANSOVD%5D2.0.CO%3B2).

Kinuha mula sa "https://tl.wikipedia.org/w/index.php?title=Velociraptor&oldid=1718724"

Huling pagbabago: 07:28, 12 Setyembre 2019.

Magagamit ang teksto sa ilalim ng Lisensyang Creative Commons Attribution/Share-Alike; maaaring mailapat ang karagdagang termino. Tingnan ang Takdang Gamit para sa mga detalye.